

**DEPARTMENT OF DEVELOPMENTAL SERVICES
(DEPARTAMENTO NG MGA SERBISYO SA PAG-UNLAD)**

1600 NINTH STREET, Room 320, MS 3-8

SACRAMENTO, CA 95814

TTY (916) 654-2054 (Para sa May Kapansanan sa Pagdinig)

(916) 654-1954



Setyembre 18, 2020

PARA SA: MGA EHEKUTIBONG DIREKTOR NG SENTRONG PANREHIYON

PAKSA: PAGPOPONDO UPANG SUPORTAHAN ANG IMPLEMENTASYON NG
PROGRAMA SA SARILING PAGPAPASYA

Alinsunod sa Code ng Kapakanan at Mga Institusyon (Welfare and Institutions, W&I) seksyon 4685.8(g), inilalaan ang mga pondo sa sentrong panrehiyon upang suportahan ang pagpapatupad ng Programa sa Sariling Pagpapasya (SDP) para sa piskal na taon 2020/2021. Layunin ng liham na ito ang magbigay ng patnubay sa paggamit ng mga pondong ito, kasama ang kinakailangang pakikipagtulungan sa lokal na boluntaryong mga komite ng pagpapayo (local volunteer advisory committees, LVAC) sa pagtukoy ng mga lokal na prayoridad para sa pagpopondo.

Tinutukoy ng seksyon ng W&I Code 4685.8(g) na dapat gamitin ang mga pondong ito upang ma-maximize ang kakayahan ng mga kalahok ng SDP na idirekta ang sarili nilang buhay. Ang Departamento ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services, DDS), sa pagkonsulta sa mga stakeholder, ay kinilala ang mga prayoridad na larangan para sa pagpopondo kabilang ang:

- Pangangalap at pagsasanay ng malayang mga facilitator;
- Pinagsamang pagsasanay para sa mga kalahok, pamilya, sentrong panrehiyon, miyembro ng LVAC at iba pa;
- Suporta o pagtuturo sa paggawa ng paglipat sa SDP;
- Tulong sa pagbuo ng plano sa paggastos;
- Ang suporta sa oryentasyon na maaaring magsama ng mga gastos para sa mga tagapagsalita/tagapagtanghal, at pagbuo ng pagbabago ng mga materyales; at,
- Nakikipagtulungang mga pangkat/workshop upang mapasigla ang patuloy, pagbabahagi ng pag-aaral at mga pagkakataon sa paglutas ng problema.

"Pagbuo ng mga Pakikipagtulungan, Mga Pagpipilian sa Pagsuporta"

Mga Ehekutibong Direktor ng Sentrong Panrehiyon
Setyembre 18, 2020
Ikalawang pahina

May mahalagang papel ang mga LVAC sa pagpapatupad at pangangasiwa ng SDP. Samakatuwid, dapat na magtulungan ang mga sentrong panrehiyon at mga LVAC upang unahin ang paggamit ng mga magagamit na pondo upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga kalahok sa kanilang lokal na lugar. Maaari lamang magastos ang mga pondo pagkatapos maabot ang kasunduan sa mga lokal na pangangailangan. Tingnan ang Kalakip 1 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa potensyal na mga paggamit ng mga pondo, ang halagang magagamit sa bawat lugar ng sentrong panrehiyon para sa piskal na taon 2020/2021, at iminungkahing mga hakbang upang matukoy ang paggamit ng mga pondo.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa sulat na ito, mangyaring makipag-ugnay sa sdp@dds.ca.gov.

Taos-puso,

Orihinal na pinirmahan ni:

MARICRIS ACON
Diputadong Direktor
Dibisyon ng Pederal na mga Programa

cc: Mga Administrador ng Sentrong Panrehiyon
Mga Punong Tagapayo ng Sentrong Panrehiyon
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Sentrong Panrehiyon
Asosasyon ng mga Ahensya ng Sentrong Panrehiyon
Ang Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad
Brian Winfield, DDS
Carla Castañeda, DDS
Jim Knight, DDS
Tim Travis, DDS
Ernie Cruz, DDS
Jennifer Parsons, DDS